

Ang pagbabakuna ay malapit nang pangasiwaan ng mga manggagamot ng komunidad

Marso 16, 2021

Ang mga manggagamot sa komunidad ay magsisimula nang pangasiwaan ang pagbabakuna ng COVID-19, na tutulong sa maraming mga Albertans na makuha ang kanilang dosis sa lalong madaling panahon.

Ang Alberta Health ay nakikipagtulungan sa Alberta Medical Association (AMA) upang isama ang mga manggagamot ng komunidad sa plano sa pamamahagi ng bakuna habang tumataas ang suplay ng bakuna.

Nagresulta ito sa higit na 500 pagpapahayag ng interes mula sa manggagamot na Albertans at mga nag-iisang klinika. Ang pinagsamang 185 na klinika ng mga manggagamot na naglalaman ng 1,100 na manggagamot ay maglilikha ng karagdagang kapasidad para sa tinatayang 14,000 pang-araw-araw na dosis, kapag ang supply ay pupwede pa. Ang ilang mga manggagamot ay tumutulong na ngayon sa Alberta Health Services (AHS) sa pangangasiwa ng bakuna.

Ang mga unang manggagamot sa komunidad ay inaasahang magsisimulang magbigay ng mga bakuna sa kanilang mga klinika sa Abril. Ang mga bagong pansamantalang mga code sa pagsingil ay idinagdag sa iskedyul ng mga benepisyong sa medikal upang payagan ang mga manggagamot na maningil para sa serbisyong ito. Ang isang medikal na bulletin na naglalahad ng mga detalye ay ilalabas sa mga darating na araw.

Ang pagpapalano ay isinasagawa para sa mabilis na daloy na mga klinika na kinasasangkutan ng mga manggagamot at iba pang mga propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan na maaaring magamit sa hinaharap, kung kinakailangan. Gagamitin ang mga klinika na ito kung makakatanggap ang Alberta ng hindi inaasahang pagdagsang suplay ng bakuna.

Sa ngayon, higit sa 368, 000 na dosis ng COVID-19 bakuna ang naibigay sa Alberta, may higit sa 91,000 katao ang buong nabakunahan ng dalawang dosis.

Mabilis na katotohanan

- Mayroong humigit-kumulang na 5,600 mga pangpamilyang manggagamot sa Alberta

- Ang Alberta Health at ang AMA ay nagtutulungan upang matiyak na ang supply ng bakuna sa Alberta ay epektibo at mahusay na ginamit at para may makuhang impormasyon ang mga Albertans upang maliwanagan ang kanilang mga desisyon sa bakuna mula sa mga pinagkakatiwalaang mapagkukunan.

Kaugnay na impormasyon

- [COVID-19 info for Albertans](#)
- [COVID-19 Self-Assessment Tool](#)

katanungan sa media

[Steve Buick](#)

780-288-1735

Press Secretary, pangkalusugan

[Shan Rupnarain](#)

AED Ugnayang pampubliko, AMA

Para sa higit pang mga mapagkukunang naisalin ng gobyerno, mangyaring bisitahin ang:
<https://www.alberta.ca/covid-19-translated-resources.aspx>